

Presumptive Eligibility for Pregnant Women Program FACT SHEET PARA SA PASYENTE

Ano ang Programa ng Ipinapalagay na Pagiging Karapat-dapat para sa Mga Buntis na Babae (Presumptive Eligibility (PE) for Pregnant Women Program)?

Ang PE para sa Mga Buntis na Babae ay isang kaagad na makukuhang pansamantalang health care na may kinalaman sa pagbubuntis at ito'y para sa mga babaeng mababà ang kinikita.

Sino ang kwalipikado para sa PE para sa Mga Buntis na Babae?

Ang sinumang babaeng nag-aakalang siya'y buntis at na ang kita ng pamilya ay wala pa sa isang takdang halaga ay kwalipikado para sa PE. (Halimbawa, mula Abril 2011 hanggang Marso 2012, ang buwanang kita ay \$2452 para sa isang pamilya na binubuo ng dalawa; ang isang buntis na babae ay bibilangin bilang dalawa.) Dapat kang mag-apply sa pamamagitan ng isang kalahok na Kuwalipikadong Provider. Tanungin ang iyong health care provider kung mayroon silang PE para sa Mga Buntis na Babae. Ang pagkakasaklaw ay magsisimula sa araw ng iyong unang pagpunta para sa health care.

Gaano katagal ako makakakuha ng PE para sa Mga Buntis na Babae?

Ang PE para sa Mga Buntis na Babae ay magagamit para sa buwan kung kailan ka nag-apply at para sa buong kasunod na buwan. Nakasulat sa iyong Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat na card ang mismong petsa ng pagtatapos. Ang iyong pagkakasaklaw ay matatapos sa petsang iyon maliban kung nag-apply ka para sa Medi-Cal. Dapat kang magdala ng katunayan ng iyong Medi-Cal na aplikasyon sa iyong PE para sa Mga Buntis na Babae na provider upang pahabain ang panahon ng iyong coverage. Isang beses mo lamang kailangang dalhin ang katunayan. Pahahabain ang panahon ng iyong coverage hanggang makuha mo ang iyong plastik na Medi-Cal card sa mail o kaya'y tatanggihan ng county ang iyong aplikasyon.

Anong health care ang sumasakop sa PE para sa Mga Buntis na Babae?

Ang PE para sa Mga Buntis na Babae ay nagbabayad para sa pangangalaga na may kinalaman sa pagbubuntis, kasama ang pagpapalaglag at miscarriage. Ang karamihan ng mga pagpunta sa doktor, clinic, at emergency room ay sakop. Ang prenatal vitamins at karamihan ng mga gamot ay sakop. Sakop ng PE para sa Mga Buntis na Babae ang ilang mga pagpunta para sa dental at mental health na may kinalaman sa pagbubuntis. HINDI sakop ng PE para sa Mga Buntis na Babae ang pangangalaga sa ospital para sa labor at delivery o anumang ibang in-patient na pangangalaga sa ospital.

Paano kung makatanggap ako ng mga singil para sa mga serbisyo sa health care?

Maaaring makakuha ka ng care na hindi binabayaran ng PE para sa Mga Buntis na Babae. **Mag-apply para sa Medi-Cal bago matapos ang iyong PE para sa Mga Buntis na Babae O KAYA sa loob ng tatlong buwan ng petsa ng serbisyo (HINDI ng petsa ng bill—baka masyado na itong huli).** Sagutin ng “oo” ang tanong sa pormularyo ng aplikasyon sa Medi-Cal tungkol sa mga medikal na gastos sa nakaraang tatlong buwan kahit na wala ka pang natatanggap na anumang bills. Kung ayaw mo ng Medi-Cal pagkatapos ng PE dahil ikaw ay nagkaroon ng miscarriage o para sa anumang ibang dahilan, dapat ka pa ring mag-apply at sumagot ng “oo” para sa tatlong buwang Medi-Cal coverage. Maaaring isama ng Medi-Cal ang health care na natanggap noong tatlong buwan bago ng iyong Medi-Cal na aplikasyon na hindi sakop ng PE para sa Mga Buntis na Babae.

Paano kung nabayaran ko na ang aking health care?

Pagkatapos mo mag-apply at makakuha ng Medi-Cal, hilingin ang iyong provider na singilin ang Medi-Cal at na isauli sa iyo ang iyong pera. Kung hindi ito gagawin ng provider, tumawag o sumulat sa Medi-Cal Program sa Sacramento tungkol sa *Conlan* Beneficiary Reimbursement Program.

Para sa Medical Claims
Department of Health Care Services
Beneficiary Services
P.O. Box 138008
Sacramento, CA 95813-8008
(916) 403-2007
TDD: (916) 635-6491

Para sa Dental Claims
Denti-Cal
Beneficiary Services
P.O. Box 526026
Sacramento, CA 95852-6026
(916) 403-2007
TDD: (916) 635-6491

**KUNG NAIS MO NG PE PARA SA MGA BUNTIS NA BABAE O UPANG MAG-APPLY PARA SA
MEDI-CAL, TANUNGIN ANG IYONG PROVIDER.**